# Pagkapanganak hanggang Anim na Taong Gulang – Paglaki at Pag-unlad

*Mangyaring Magtanong. Hindi Nakakapaghintay ang mga Sanggol.*

Washington State Department of CHILDREN, YOUTH & FAMILIES

## Ano

Isinulat ang tsart na ito para sa mga magulang, ngunit makakatulong ito sa sinumang nakakakilala o nakikipagtulungan sa iyong munting mga anak.

## Bakit

Ang prescreen na tsart na ito ay isang mabilis na paraan upang tulungan kang matukoy ang mga posibleng problema sa mga bahagi ng paningin, pandinig at pag-unlad ng iyong anak. Tutulungan ka ng tsart na tingnan ang iyong anak sa kabuuan. Susubaybayan mo ang pag-unlad ng iyong anak sa mga bahagi ng pag-iisip, pakikisalamuha, pakikinig, pagsasalita at mga aktibidad ng paggalaw. Ang ilang kakayahang sa paggalaw ay gumagamit ng malilit na kalamnan (tulad ng mga daliri), habang ang iba ay malalaking kalamnan (tulad ng mga binti). Mahalagang subaybayan ang paningin at pandinig ng mga bata sa lahat ng edad.

**MAHALAGA!** Ang tsart na ito ay isang mabilis na paraan para matulungan kang subaybayan ang paningin, pandinig at pag-unlad ng iyong anak, at hindi ito nilayon na maging isang pagsusulit, ebalwasyon o pagtatasa ng pag-unlad.





## Paano

Inililista ang bawat seksyon ng edad ang mga aktibidad na magagawa ng karamihan ng mga bata sa pagitan ng unang taong gulang at pangalawang taong gulang sa seksyon na iyon. Halimbawa, pagdating ng 12 buwan, magagawa ng karamihan ng mga bata ang lahat ng nakalistang aktibidad sa seksyon na 6 hanggang 12 buwan. Gayunpaman, hindi magagawa ng karamihan ng mga bata ang lahat ng aktibidad na ito pagsapit ng 6 na buwan. Gayundin para sa bawat seksyon ng edad. Samakatuwid, huwag mabahala kung hindi magawa ng isang bata ang lahat ng aktibidad sa simula ng isang antas ng edad. Dahil nasa iba't ibang bilis ang pag-unlad ng mga bata, huwag mag-panic nang dahil lang sa mukhang nahuhuli ang bata sa isang gawain.

Basahin ang mga aktibidad na nakalista sa ilalim ng edad, at paningin at pandinig ng isang bata. Subaybayan at pakinggan habang naglalaro ang bata. Nagagawa ba ng bata ang mga aktibidad? Mahalaga na ang bata ay may oras, espasyo, at mga kinakailangang materyales para sa bawat aktibidad. Halimbawa, huwag sabihin na hindi makaguhit ng mukha ang bata kung hindi mo bibigyan ito ng papel at lapis o krayola.

Mainam na subaybayan at pakinggan ang bata sa loob ng ilang araw, gamit ang tsart na tinatala ang anumang mga alalahanin na maaaring mayroon ka. Kung hindi magawa ng isang batang nasa seksyon ng mas mataas na antas ng edad ang lahat ng aktibidad, maaaring ibahagi ng mga pamilya sa isang propesyonal ang kanilang mga obserbasyon na siyang mas susuri sa pag-unlad ng bata.

## Kailan

Subaybayan at pakinggan ang bata habang naglalaro. Tinitingnan mo kung ano ang karaniwang gawi ng bata. **Huwag gamitin ang tsart na ito kung may sakit, pagod o iritable ang bata.**

## Ano'ng Susunod

Maaari mong tawagan ang nakalistang numero ng Help Me Grow (Tulungan Akong Lumago) ng Washington na nasa kabilang bahagi ng publikasyong ito para sa pangalan ng iyong lokal na Lead Family Resources Coordinator (Pangunahing Tagapag-ugnay na Masasanggunian ng Pamilya, FRC) sa inyong lugar kung mayroon kang alalahanin tungkol sa pag-unlad ng isang bata. Gayundin, makakatulong sa mga pamilya at sa iyo ang doktor ng bata, ang kagawaran ng kalusugan o eskwelahan ng distrito na makahanap ng malapit na ahensya na gagawa ng mas kumpletong pagsusuri sa pag-unlad, paningin at/o pandinig ng bata.



## Paningin

*Nagagawa ba ng iyong anak na...*

- ☐ Tumingin sa mata (tumingin sa inyong mga mata)
- ☐ Sundan ang direksyon ng mga gumagalaw na bagay gamit ang mga mata
- ☐ Maglakad o gumapang nang hindi madalas na nababangga sa mga bagay
- ☐ Tumingin sa mga bagay at tao gamit ang parehong mga mata
- ☐ Humawak sa mga bagay sa isang normal na distansya (pagkatapos ng edad na 6 buwan)
- ☐ Maglakad o gumapang nang maayos sa mga anino o lugar na iba ang hitsura (karpet, tile)
- ☐ Tumingin sa mga bagay at tao nang hindi naduduling o nakapikit ang mga mata (pagkatapos ng 9 na buwan)
- ☐ May malinaw na mga mata, hindi mapula o nagluluha

## Pandinig

*Nagagawa ba ng iyong anak na...*

- ☐ Magpakita ng kamalayan sa mga ingay sa bahay (telepono, katok sa pinto, telebisyon)
- ☐ Magsalita ng hindi gaanong malakas o sobrang hina
- ☐ Maglaro ng mga laruan na gumagawa ng ingay (mga kalansing, mga kampana)
- ☐ Gayahin ang mga tunog (pagkatapos ng 1 taon)
- ☐ Gumamit ng ilang mga salitang may ("s" o "ing") pagkatapos ng edad na dalawa
- ☐ Sumunod sa mga pandiwang direksyon
- ☐ Panatilihin ang katamtamang lakas ng tunog ng telebisyon o radyo
- ☐ Makinig sa mga kuwento, mga record o telebisyon nang walang kahirap-hirap
- ☐ Magsalita para maintindihan ng karamihan (kung mas matanda sa 2-1/2 taon)
- ☐ Pumunta sayo kapag tinawag mula sa ibang silid (pagkatapos ng 2 taon)



# Pagkapanganak hanggang Anim na Taong Gulang – Paglaki at Pag-unlad

*Mangyaring Magtanong. Hindi Nakakapaghintay ang mga Sanggol.*

Washington State Department of CHILDREN, YOUTH & FAMILIES

## Para sa mga Magulang:

Bilang magulang, ikaw ang pinakamahalagang tao sa buhay ng iyong anak. Kayo ang pinakanakakakilala sa inyong anak. Kung mayroon kang alalahanin tungkol sa pag-unlad ng iyong anak, maaari kang humiling ng isang ebalwasyon. Mangyaring magtanong kung mayroon kang anumang mga tanong o alalahanin. Tumawag sa Help Me Grow (Tulungan Akong Lumago) ng Washington para sa pangalan ng lokal na Family Resources Coordinator (Tapag-ugnay ng Masasanggunian ng Pamilya, FRC) na makakatulong sa iyo.

## Para sa mga Tagapaglaan:

Lumalaki at umuunlad ang mga bata sa iba't ibang paraan. Mangyaring subukan at regular na kausapin ang mga pamilya tungkol sa pag-unlad ng kanilang anak. Itanong sa kanila kung ano ang mga bagong kakayanan na natutunan ng kanilang anak, ano ang mga alalahanin na maaaring mayroon sila at ibahagi ang sarili mong mga obserbasyon. Ipaalam sa mga pamilya na kung mayroon silang mga alalahanin, may makukuhang higit pang impormasyon at tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng Help Me Grow (Tulungan Akong Lumago) ng Washington. Isasangguni nila ang pamilya sa lokal na Family Resources Coordinato (Tapag-ugnay ng Masasanggunian ng Pamilya, FRC) sa kanilang lugar. Puwede mo ring tawagan ang Help Me Grow (Tulungan Akong Lumago) ng Washington para sa pangalan at numero ng telepono ng FRC at direktang ibahagi ang impormasyong ito sa pamilya.

### Kapanganakan - 3 Buwan

*Nagagawa ba ng iyong anak na....*

- ☐ Iangat ang kanilang ulo at dibdib kapag nakatungo
- ☐ Igalaw ang kanilang mga braso at binti nang madali
- ☐ Sundan ang inyong mga paggalaw sa pamamagitan ng pag-ikot ng kanilang ulo magkabilaan
- ☐ Madaling makuha ang bote o suso at nasisipsip ng mabuti
- ☐ Magulat o umiyak sa biglaang malakas na ingay
- ☐ Tumingin sa iyo, tingnan ang mukha mo
- ☐ Gumawa ng mga tunog ng lagutok o ungol
- ☐ Ngumiti bilang tugon sa inyong ngiti o pakikipag-usap
- ☐ Madaling tumahan kapag pinatatahan

### 3 - 6 na Buwan *Nagagawa ba ng iyong anak na....*

- ☐ Maglaro gamit ang paa kapag nakabaliktad
- ☐ Iangat ang kanilang ulo at dibdib gamit ang kamay kapag nakayuko sa tiyan
- ☐ Hawakan ang kanilang ulo patayo at tuwid kahit walang suporta
- ☐ Gumulong mula sa tiyan magkabilaan at pabalik
- ☐ Maglaro gamit ang kanilang mga kamay nang hinahawakan magkapareho
- ☐ Abutin ang laruan
- ☐ Kuhanin ang isang laruan na nakalagay sa malayo
- ☐ Ilingon ang kanilang ulo sa mga tunog
- ☐ Gumawa ng mga magkakaibang tunog
- ☐ Tumawa nang malakas
- ☐ Magpakita ng gusto at hindi gusto

### 6 - 12 na Buwan *Nagagawa ba ng iyong anak na....*

- ☐ Tumayo nang mag-isa nang may kaunting tulong
- ☐ Umupo nang walang tulong habang naglalaro ng kanilang mga laruan
- ☐ Ilipat ang mga bagay gamit ang isang kamay papunta sa kabila
- ☐ Kumain nang mag-isa ng naka-kamay
- ☐ Gayahin ang pagkaway ng bye-bye
- ☐ Ipaalam sa iyo ang kanilang mga gusto gamit ang mga emosyon at tunog
- ☐ Kopyahin ang mga tunog ng salita na ("ba-ba", "ga-ga")
- ☐ Maghintay habang nakikipaglaro sa mga may hustong gulang (mga aksyon, tunog, o ekspresyon ng mukha)
- ☐ Ipaalam sa iyo na nauunawaan nila ang isang simpleng tanong ("Gusto mo pa ba?")
- ☐ Makilala ang mga magulang mula sa mga estranghero

### 12 - 18 na Buwan *Nagagawa ba ng iyong anak na....*

- ☐ Maglakad nang mag-isa
- ☐ Pumulot ng mga maliliit na bagay (maliliit na sukat)
- ☐ Ilagay ang mga bagay sa loob ng at ihagis mula sa mga container
- ☐ Ilagay ang bagay sa itaas ng isa pa
- ☐ Kumain gamit ang kutsara
- ☐ Magsalita ng dalawa o tatlong iba't ibang salita bukod pa sa "Mama" o "Dada"
- ☐ Magtanong ng mga bagay gamit ang mga salita
- ☐ Humawak at uminom mula sa isang tasa na may kunting natatapon
- ☐ Ituro ang ilang mga bagay o larawan kapag sinasabi ito sa kanya

### 18 Buwan - 2 Taon *Nagagawa ba ng iyong anak na....*

- ☐ Maglakad pataas at pababa ng hagdan na nakahawak sa kamay
- ☐ Sumulat
- ☐ Igalaw ang kanilang katawan kapag may tugtog
- ☐ Pagsamahin ang dalawang salita ("madami pang juice")
- ☐ Magsimulang magtanong, ("juice?", "bye-bye?")
- ☐ Kumain nang mag-isa ng sandwich, kumagat
- ☐ Tanggalin ang medyas at sapatos
- ☐ Tumingin sa mga larawan sa story book kasama ang isang nasa hustong gulang
- ☐ Gumawa ng simpleng pagpili sa mga laruan (puzzles o trak)
- ☐ Gayahin ang ibang batang naglalaro (nagbubuhos ng buhangin, bumabato ng bola)

### 2 - 3 Taon *Nagagawa ba ng iyong anak na....*

- ☐ Maglakad nang maayos, huminto, lumukso, at mag-squat nang pababa
- ☐ Pagpatong-patungin ang 3 o higit pang bagay
- ☐ Gumamit ng kutsara at tasa nang mag-isa
- ☐ Sumunod sa dalawang hakbang na direksyon ("Kunin ang aklat at ilagay ito sa mesa")
- ☐ Pangalanan ang lima hanggang sa anim na bahagi ng mga katawan
- ☐ Makilahok sa isang simpleng pag-uusap
- ☐ Sumagot sa mga simpleng tanong na "ano" at "ano ang gagawin" ("Ano ang gusto mong tanghalian?")
- ☐ Ituro o pangalanan ang mga bagay kapag sinabing ginagamit ang mga ito ("Ano ang inumin mo?")
- ☐ Tumulong sa mga gawaing simple (pagkuha ng mga laruan)
- ☐ Gumamit ng 2-3 salita na pangungusap nang regular

### 3 - 4 na Taon *Nagagawa ba ng iyong anak na....*

- ☐ Tumalon, tumakbo, maghagis, umakyat gamit ang mahusay na balanse
- ☐ Gumuhit ng mga bilog, linya at mag-cross gamit ang krayola
- ☐ Gumamit ng mga laruan at iba pang materyales para maglaro ng kunwari-kunwarian
- ☐ Ma-enjoy ang mga aklat na may larawan at nababasa ito
- ☐ Maunawaan ang mga salita na nagsasabi kung nasaan ang mga bagay (nasa likod, ilalim, sa ibabaw, sa loob)
- ☐ Gumamit ng salita na madaling maintindihan
- ☐ Magtanong gamit ang maraming "bakit" at "ano"
- ☐ Ma-enjoy ang pakikipaglaro sa ibang bata
- ☐ Maghintay kung sila na, paminsan-minsan
- ☐ Sagutin ang mga simpleng tanong na "saan" at "sino"

### 4 - 5 Taon *Nagagawa ba ng iyong anak na....*

- ☐ Mag-tumble, sumayaw o maglaro ng iba pang laro na gumagamit ng malalaking kalamnan (tulad ng mga binti)
- ☐ Magkandirit gamit ang isang paa
- ☐ Gumuhit ng mukha na parang mukha talaga
- ☐ Magsuot ng damit nang may kaunting tulong
- ☐ Magtanong gamit ang "ano, saan, sino at bakit"
- ☐ Masabi nang malinaw ang karamihan ng salita maliban sa "s, z, th, at r"
- ☐ Gumamit ng mga salita na nagpapakita ng laki at dami (malaki, marami)
- ☐ Sabihin ang kanilang pangalan at apelyido
- ☐ Ma-enjoy ang pakikipaglaro kasama ng mga batang ka-edad

### 5 - 6 na Taon *Nagagawa ba ng iyong anak na....*

- ☐ Ma-enjoy ang pagsalo, paghagis, pagsipa sa bola
- ☐ Magkaroon ng mahusay na balanse kapag naglalaro gamit ang mga malalaking kalamnan (pag-tag, pag-tumbling, baseball)
- ☐ Ma-enjoy ang paggupit gamit ang mga gunting
- ☐ Magbihis nang siya lamang kabilang ang pagbubutones, pag-snap at pag-zip
- ☐ Magpakita ng inters sa pagsusulat ng mga salita
- ☐ Makipag-usap tulad ng pakikipag-usap ng pamilya (gumagamit ng kaparehong uri ng mga salita at talata)
- ☐ Sundin ang tatlong hakbang na direksyon ayon sa pagkakasunod-sunod ("Kuhanin ang bola, ilagay sa kahon ng laruan, at bumalik sa mesa.")
- ☐ Sabihin ang kanilang buong pangalan, edad at kasarian
- ☐ Ma-enjoy ang paglalaro ng mga organized game kasama ng iba pang mga bata (Sabi ni Simon, i-tag)

## Makipag-ugnayan sa:

**Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta sa Maliliit na Bata at Sanggol) na Programa ng Department of Children, Youth & Families (Kagawaran ng mga Bata, Mga Kabataan at Pamilya) ng Estado ng Washington**

PO Box 40970
Olympia, Washington
98504-0970

**esit@dcyf.wa.gov**

**www.dcyf.wa.gov/services/child-development-supports/esit**

**Help Me Grow (Tulungan Akong Lumago) ng Washington**
Telepono: 1-800-322-2588

*Hindi nagdidiskrimina ang DCYF at nagbibigay ng pantay na access sa mga programa at serbisyo nito para sa lahat ng tao kahit anong lahi, kulay, kasarian, relihiyon, paniniwala, katayuan sa pag-aasawa, bansang pinagmulan, oryentasyong sekswal, edad, katayuan ng beterano, o pagkakaroon ng anumang pisikal, pandama at pangkaisipan na kapansanan.*

*Kung gusto mo ng mga libreng kopya ng publikasyong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa DCYF Constituent Relations (Mga Ugnayang Bumubuo ng DCYF) sa 1-800-723-4831 o mag-email sa* **communications@dcyf.wa.gov**.

DCYF PUBLICATION FS_0030 | DEL 11-002 TA (07-2023) Tagalog